# Pagboto ng May Espesyal na Pangangailangan

Alinsunod sa KCC 2.16.065 (a)-(c), ang kwalipikadong botanteng may kapansanan at hindi makakapunta sa kanilang kinatalagahang presinto ay maaaring bumoto sa paraan ng balota ng may espesyal na pangangailangan. Ang botante ay pwedeng utusan ang kanyang kumakatawan upang humingi ng balota ng may espesyal na pangangailangan sa Tanggapan ng Kawani ng Lungsod, o kung sinumang kumakatawan, sa ano mang araw na tapos at handang ipamigay ang balota hanggang sa araw mismo ng halalan. Kung ang kahilingan ukol sa may espesyal na pangangailangan ay isinagawa sa pamamagitan ng isang kumamatawan, ang kumakatawan ay kinakailangang lumagda sa listahan na bigay ng Tanggapan ng Kawani ng Lungsod o sa pinahintulutan na kumatawan sa Kawani ng Lungsod. Ang mga impormasyon na kailangan sa listahan ay ang mga sumusunod:

- pangalan ng kumakatawan
- ang tirahan at lugar padalahan ng koreo para sa kumakatawan
- ang "Social Security Number," "voter number" o kaya'y ang araw ng kapanganakan ng kumakatawan
- ang pangalan ng botanteng tinulungan sa paghiling ng balot
- ang lagda ng kumakatawan
- ang panunumpa ng kinatawan na nagpapatunay na siya ay:
    - tumanggap ng balota at mga pangangailangan sa pagboto alang-alang sa botante
    - hindi siya ang magsasagawa ng pagboto
    - hindi niya ipipilit sa botante ang pangalan ng isang kandidato upang ito ang Iboto
    - hindi niya ihahayag kung sino ang binoto ng botante
    - napagsabihan na ang labag sa batas na panghihimasok sa pagboto ay maaring parusahan ayon sa AS 15.56.030

Ang kumakatawan ay siyang maghahatid ng balota at gamit pagboto ng botanteng may espesyal na pangangailangan sa lalong madaling panahon. Lihim ang pagmarka ng botante ng kanyang balota. Ilalagay nito ang balota sa isang secrecy sleeve at ipapasok sa sobreng ipinamahagi. Kinakailangangang ilagay ng botante ang impormasyon ukol sa pagbotong liban sa sobre kungsiya ay personal na bumoto. Lalagdaan ng botante ang "voter's certificate" sa harap ng kumakatawan. Ang kumakatawan ay lalagda bilang opisyal na nagpapatotoo at isulat ang petsang paglagda ng botante. Ang kumakatawan ang siyang maghahatid ng balota at "voter certificate" sa tanggapan ng Kawani ng Lungsod o sa isang pinahintulutang kumakatawan na hindi lalampas sa ika- 4:30 ng hapon sa araw ng halalan.

Kung ang kapansanan ng botante ay hadlang sa pagpasagawa ng mga kinakailangan sa itass, ang kumakatawan ay pinapayagang gumawa ng mga kinakailangan, liban sa desisyon kung sino ang iboboto, alang-alang sa botante.

Ang amo ng botante, ahente ng amo ng botante, o ang ahente o opisyal ng union ng botante, ay hindi pinahihintulutan na kumilos bilang tagakatawan ng botante. Ang kumakandidato sa kahit na anong katungkulan ay hindi pinahihintulutan na kumilos bilang tagakatawan ng botante sa loob ng mismong eleksyon.

